PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
NEWS AND INFORMATION BUREAU

PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE WITH ACTING NEDA SECRETARY KARL CHUA
JUNE 11, 2020 (12:03 – 1:11 P.M.)

SEC. ROQUE: Magandang tanghali Pilipinas. Umpisahan po natin ang ating briefing sa balitang IATF. Ang tanong ng lahat, ano pa ang mangyayari sa Metro Manila at iba pang mga lungsod at probinsiya pagpasok ng Martes, June 16? Konting hintay na lang po, mismong si Presidente Duterte po ang haharap at kakausap sa taumbayan sa Lunes, June 15 para i-anunsiyo ito. Iyong mga nagli-leak po ng dokumento, hayaan ninyo naman po ang Presidente na ang mag-announce.

Okay. So, hindi po natin pangungunahan ang Presidente sa kaniyang announcement at besides mayroon pa pong mga apela na mangyayari, so iyong listahan po ay hindi pa pinal. Iko-confirm ko po na mayroon na tayong mga rekomendasyon, pero ang mga rekomendasyon po hindi pa po pinal. So kung kayo po ay magko-quote sa isang leaked document, that's your lookout, pupuwede po iyang magbago at magiging fake news ang inyong ibabalita.

Nagpulong pa rin po ang ating miyembro, mga miyembro ng IATF kahapon, June 10, at ito ang ilan sa kanilang naaprubahan. Una po, kinilala ng IATF na kailangan ipagpatuloy ang contract tracing at i-maximize ang paggamit ng StaySafe.PH.

Ang mga sumusunod na mga kasunduan ay ginawa ng IATF para sa paggamit at management ng StaySafe.PH application, ito ay para mas masiguro ang pagsunod sa relevant cybersecurity, data privacy at confidentiality laws:

Nagkaroon po ng memorandum of agreement o iba pang kasunduan na ipinasok ng Multi-Technology Corporation or Multisys at DOH tungkol sa donation at paggamit ng StaySafe.PH application;

Kasama nito ang source code, lahat ng data, data ownership at intellectual property, ibig sabihin po, lahat po ng mga nirereklamo ng mga kritiko ng StaySafe.PH, lahat po iyan ay binigyan ng atensiyon ng IATF at ang gobyerno po ang magmamay-ari ng data;

Ang function ng StaySafe.PH application ay dapat limitado sa collection ng data habang ang lahat ng collected data ay dapat i-store sa DOH COVID-KAYA system;

Panghuli, bilang bahagi ng donasyon, lahat ng data na kasalukuyang nasa database ng StaySafe.PH ay dapat ilipat sa COVID-KAYA; Binigyan ang Multisys nang tatlumpung araw mula sa petsa ng resolusyon na ito na sumunod sa mga nasabing direktiba, kung hindi, ang endorsement ng IATF na ang StaySafe.PH ay official contact tracing application ng gobyerno ay babawiin at dapat ilipat ng Multisys ang data na-collected at stored sa StaySafe.PH sa DICT.

Dahil po sa mga rekomendasyon na ito, nasagot na po lahat ng pula ng mga kritiko kasama na po iyong mga pula na inilabas ni dating Undersecretary Rio. Gobyerno na po ang magmamay-ari ng datos, wala pong ibang hahawak niyan, gobyerno lamang.

Pumunta naman tayo sa rekomendasyon po ng Department of Trade and Industry sa protocols para sa reopening ng dine-in food establishments. Ito po ay good news sa mga nagtatrabaho sa mga restaurants at iyong mga nami-miss nang kumain sa mga restaurants. Papayagan na po ang hanggang 30% capacity sa mga restaurants maski mayroon pong GCQ.

Ano po ang kondisyones?: Kinakailangan siyempre iyong minimum health standards ay maobserba, okay; at kinakailangan po mayroong post-audit mechanism na pamumunuan ng DTI, DOLE, DOT, DOH, DILG at LGU health office at iba pang deputized organizations para masiguro po na ang mga minimum health standards ay nasusunod.

Sa balita naman po sa panlabas na relasyon – Well, nagkausap po ang ating Presidente Rodrigo Roa Duterte at ang Prime Minister Narendra Modi ng India noong Martes ng gabi, June 9. Napag-usapan po ng dalawang leaders sa telepono, sa request ng gobyerno ng India na tumagal nang dalawampu't limang minuto.

Ito po ang salient points ng kanilang napag-usapan: Nangako si President Duterte at Prime Minister Modi na magtutulungan sa laban kontra COVID-19. Nagpasalamat ang dalawang leaders sa tulong na binigay ng bawat isa sa repatriation ng Filipinos at Indian nationals na naapektuhan ng lockdown dahil sa pandemya. Nagkasundo ang dalawa na paigtingin pa ang kanilang kooperasyon sa konteksto ng ASEAN-Indian dialogue partnership kung saan binigyang-diin ng Pangulo ang pagpapalakas ng public health system at food security at pagtawag sa India na suportahan ang ASEAN Response Fund for COVID-19.

Tiniyak naman ni Prime Minister Modi sa Pangulo ang supply ng abot-kayang gamot at COVID-19 pharmaceutical products mula India kasama na ang hydroxychloroquine. Sinabi rin ni Prime Minister Modi na makikinabang ang Pilipinas sa vaccine na dini-develop ng India.

Ating gunitain rin na noong Martes, June 9, ang ika-apatnapu't limang anibersaryo ng pagtatatag ng diplomatic relations ng Pilipinas at People's Republic of China. Sumulat si Presidente Xi sa ating Pangulo where he mentioned the significant progress of Philippine-Chinese relations. Binanggit ng Presidente ng Tsina na lumalim ang tiwala sa pagitan ng dalawang bansa at lumawak ang kooperasyon ng dalawa sa iba't ibang larangan dala ng Belt and Road Initiative.

Sinabi rin ni President Xi na handa siyang makipagtrabaho kasama ang Pangulo para tuluy-tuloy na maiangat ang Philippine-Chinese relations of comprehensive strategic cooperation sa mas mataas na lebel. Sinabi rin ni President Xi na he feels keenly for the Philippines amid the ongoing outbreak of COVID-19 and he's willing to work together with the Philippines to overcome the pandemic.

Isang magandang balita po, umuwi na po sa Pilipinas iyong na-pardon na OFW mula sa Bahrain na binalita natin noong isang linggo. Ito po iyong OFW na si Roderick Aguinaldo 'no, na una ninyong narinig sa ating press briefing 'no. Matatandaan na nasabi ko, na sumulat si Presidente

Duterte sa Hari ng Bahrain para humiling na mabigyan ng royal pardon ang ating mga kababayan na nakakulong doon.

Pumunta naman tayo sa sitwasyon ng COVID-19 sa bansa. Nakikiramay po kami doon sa pamilya ni Michelle Silvertino na binawian ng buhay habang naghihintay ng masasakyan pauwi sa probinsiya. Nakipag-coordinate na po ang DSWD sa kanilang field office para ma-assist ang pamilya ni Michelle. Wala pong gustong mangyari ito pero gagawa na po tayo ng hakbang para hindi na po maulit ang nangyari kay Michelle.

Nagsimula na po ang DSWD-NCR na tulungan ang mga stranded noong isang linggo pa. May mga estudyante rin po na tinutulungan nating makauwi. Mangyaring tumawag po sa DSWD Crisis Intervention Unit sa numerong 8734-8635. Nananawagan din po kami sa mga lokal na pamahalaan, kung mayroon po kayong napapansin na mga stranded sa paligid ng mga bus stations at diyan po sa Pasay sa airport, ipagbigay-alam din po sa DSWD kung hindi po natin mabibigyan ng tulong.

Now, dahil nga po dito sa nangyari kay Michelle mayroon na po tayong bagong polisiya na tutulungan ng gobyerno ang lahat ng stranded, iyong mga nasa airport at sa mga bus. Inaasikaso na po ito ng DOTr, dadalhin po ang mga stranded doon sa area ng airport at saka diyan sa mga bus sa Pasay sa Villamor Golf Course for rapid testing. Hinihintay na lamang ang approval ng Villamor kung sila ay pansamantalang maninirahan doon habang naghihintay ng kanilang flights o kaya mga bus pauwi.

Nagpapasalamat po tayo sa DILG, sa NTF sa kanilang tulong. Pero paalala lang po sa ating mga kababayan, marami pong manloloko ngayon, lalung-lalo na diyan sa mga na-stranded sa airport at saka ating mga bus stations. Ang mga nakita nating 'Locally Stranded Persons' ay nagiging biktima ng panloloko, pinapangakuan po ng trabaho sa ibang bansa at sinasabihang pumunta sa airport para sa kanilang flights.

Mag-ingat po tayo sa ganiyan, huwag po tayong maniwala, huwag tayong magtiwala. Binabalaan din po natin ang mga illegal recruiters – hindi po bulag ang gobyerno, alam natin po ang inyong iligal na gawain. Itigil ninyo iyan po dahil kilala po natin kung sino kayo – kalaboso po kayo!

SEC. ROQUE: Ano naman po ang sitwasyon ng COVID-19 sa ating bansa: Well, umabot na po sa 23,732 ang mayroong sakit na COVID-19 sa buong Pilipinas ayon po sa pinakahuling datos ng DOH. Patuloy po ang pagtaas ng kaso ng mga gumagaling – ngayon po ay mayroon na tayong 4,895 na mga nag-recover; samantalang sampu naman ang naidagdag sa mga nabawian ng buhay kaya ang suma-total na mga namatay po dahil sa COVID-19 ay 1,027 na po.

Okay, tapos na po ang ating presentasyon. Simulan na po natin ang ating—ay, bago po tayo mag-open forum, mayroon nga pala tayong bisita ngayon. Ito po ang napakagaling, napakabata, Acting NEDA Director General Karl Chua, via Skype.

Alam ko ang pangunahing nasa isipan ng bawat Pilipino ngayon: Ano ba ang istratehiya ng gobyerno para maka-recover dito sa COVID-19? It is with pride that I present to you, Secretary Karl Chua. Sec., the floor is yours.

SEC. CHUA: Magandang tanghali po. Naririnig ninyo po ba ako?

SEC. ROQUE: Opo, naririnig po namin kayo.

SEC. CHUA: Okay, sige. Maraming salamat po. At sa mga nakikinig sa atin, magandang tanghali din po.

Ang gusto ko pong ibahagi sa inyo ngayon ay iyong ating Philippine PROGRESO o iyong Philippine Program for Recovery with Equity and Solidarity. Ito ang ating recovery program para maibalik natin ang bilis at paglago ng ating ekonomiya para maibalik po natin iyong ating mga trabaho at iyong mga income natin.

Pero bago ko po ipaliwanag ang laman ng Philippine PROGRESO, gusto ko muna pong banggitin ang karanasan natin bilang bansa. Iyong taong 2016, iyong pagpasok po ng administrasyon ni Pangulong Duterte, mayroon po tayong vision. Ito po ang ibaba ang antas ng kahirapan or poverty rate from 21.6% hanggang 14% by 2022. Ibig sabihin po, anim na milyong Pilipino ang dapat maingat natin mula sa kahirapan.

At gusto rin natin maging isang upper middle-income country tulad ng Thailand at China. Tapos kung tuluy-tuloy po ang ating reporma at iyong pagbabago ng ating bansa, by 2040, baka … ang gusto po namin [garbled] iyong wala nang mahirap or iyong extreme poverty eradicated; at iyong ating bansa ay maging isang high-income country tulad ng Japan at South Korea. So iyon po ang ating bisyon.

At ang totoo po, by 2018, nababa na po natin ang antas ng kahirapan, na-revise po iyong 21 to 23%. Pero 2018 lamang ay nakita na natin bumagsak ang poverty rate to 16.6%. Ibig sabihin, iyong anim na milyong Pilipino na dapat maiangat natin mula sa kahirapan by 2022 ay nagawa na natin iyan four years in advance or in 2018. At iyan ay isa sa mga magagandang accomplishments ng Duterte administration, at itutuloy po natin ang bilis ng pagbaba ng kahirapan.

In 2016, nangako din ang ating Pangulo na magkakaroon po tayo ng 10-point socio-economic agenda. Tuwing makikita ninyo po iyong kulay green, ang ibig sabihin nito ay na-accomplish na natin by 2019. Iyong kulang na lang na gusto po nating gawin by 2022, iyong mga nakakulay yellow.

So, ano po iyong mga na-achieve natin? Iyong una po, iyong to sustain macro-economic policies; iyong pangalawa po, iyong tax reform; pangatlo po, iyong ease of doing business; iyong pang-apat, iyong ating infrastructure or Build, Build, Build Program; iyong panlima po ay nasimulan na natin sa pamamagitan ng pagpasa ng rice tariffication pero marami pang areas ng agriculture na puwede pang bigyan ng tulong; iyong pang-anim, iyong land management, hindi pa iyan nasimulan pero gagawin na po natin iyan; iyong pang pito ay human capital development, at iyong isa sa mga ginawa po natin ay iyong Universal Health Care; iyong pang walo, iyong Science and Arts. So tuloy po nating gagawin iyan dahil naipasa na iyong Innovations Act. Iyong pang siyam ay iyong social protection, at dito po gagamitin iyong national ID; at iyong pang sampu, iyong reproductive health law.

So ito po iyong mga na-accomplish natin between 2016 to 2019. Kaya pagpasok natin ng 2020, the Philippines actually has one of the best or strongest growth prospects. We built on past reforms and solid macro-economic management to do better. Between 2016 to 2019, we were among the fastest growing economies; iyong ating GDP growth or paglago ng ekonomiya ay 6.6%. We were actually likely to become upper middle-income country in 2020. Ibig sabihin, iyong pangako natin na 2022, mukhang dapat puwedeng mai-advance natin to 2020 bago nangyari iyong COVID.

Tapos dahil sa ating Build, Build, Build Program, nakakita po tayo ng one of the lowest unemployment, underemployment and poverty rates in our history. We also have a very strong fiscal position. At iyong ating debt to GDP ratio, ito ay pinakamababa in many decades – umabot po iyan ng 39.6%.

Tapos iyong international reserves natin sa Central Bank ay 89 billion dollars, at dahil dito ay kinilala po ng international credit rating agency ang ating bansa with a BBB+ credit rating. Ibig sabihin, maganda po ang ating credit standing. Kapag tayo ay umutang para sa ating development projects, mababa po iyong interest rate na nakukuha natin, as low as 2.5% lamang.

Ang halimbawa po nito, kung tayo ay uutang ng one trillion pesos dahil sa COVID crisis at may savings po tayo ng one percent interest rate dahil maganda iyong credit rating natin ay makakaipon po tayo or may savings po tayo ng ten billion pesos per year. So iyan po ay imbes na gamitin pambayad sa utang, ginagamit po natin iyan sa social services at sa infrastructure.

At dahil sa ating mga reporma, tayo ay nakakakita ng magandang economic ang social outcome. So, dahil sa conservative and responsible fiscal management, dahil sa ating tax reform, dahil sa ating structural reforms lalo na po iyong rice tariffication, at sa ating Build, Build, Build Program ay humaharap po tayo sa taong 2020 na mas handa para masolusyunan itong COVID-19 crisis.

So, kung hindi po natin ginawa ang tax reform, kulang po ang pondo natin para tulungan iyong mga negosyante, mga businesses at iyong mga mahihirap para sila ay matulungan habang wala pong income or trabaho dahil sa COVID crisis.

Kapag wala po tayong rice tariffication, mahihirapan po ang mga Pilipino na bumili ng affordable na pagkain tulad ng bigas. Dahil sa rice tariffication ay naibaba natin ang presyo ng bigas by ten pesos per kilo.

Ang problema lang ay hindi natin inaasahan na sa taong 2020 ay mayroon po tayong mararanasan na increasing number of shocks that affected the economy, simula sa Taal Volcano eruption noong January, iyong pagbaba ng tourism and trade dahil sa global pandemic at iyong desisyon natin na mag-impose ng enhanced community quarantine starting March dahil ang priority natin ay iyong pag-save ng lives, kasama na rin iyong ating … ang buhay ng ating kapamilya at mga kaibigan.

At dahil sa nangyari ay nagpasya ang gobyerno na mag-propose ng isang phase and adoptive recovery approach, ito po iyong ating recovery program. Mayroon po siyang tatlong stages. Iyong unang stage ay iyong emergency stage. Ito iyong nangyari from March to May. At iyong

analogy dito ay iyong ating pasyente, ang pangalan ay Pilipinas, ay intubated siya sa ICU or sa Intensive Care Unit. At iyong instrumento natin para tulungan ang mga naapektuhan ay iyong Bayanihan to Heal as One Act. At iyong laman nito ay iyong budget and procurement flexibility para ma-allocate po natin iyong scarce resources to provide subsidy to the poor and low income, to provide small business with grace period in the payment of taxes or loans or rental, at para magbigay rin ng wage subsidy. Nandito rin po iyong support natin to the key sectors in agriculture and OFWs at iyong tulong natin sa health care system. Ang total amount na binigay po natin sa Bayanihan I ay aabot na sa 550 billion pesos.

Ngayon ay nasa recovery stage na tayo. Ito iyong ginagawa naming programa with the help of Congress. Ang analogy po nito iyong ating pasyente, ang Pilipinas, ay nagre-recover na at nasa regular room na ng hospital at binibigyan po iyan ng dextrose. So iyong mga instrumento natin ay iyong Bayanihan 2 to recover iyong GUIDE, iyong FIST at iyong CREATE. Iyong GUIDE ay isang mungkahi namin na tulungan ang financial sector para puwede po silang magbigay ng mas maraming tulong sa business sector, through low interest loans at credit guarantees.

Iyong FIST ay isang paraan para matulungan natin iyong mga bangko na mag-disposed ng bad assets or loans, para mas marami po silang pondo para maibigay or matulungan iyong mga Micro Small and Medium Enterprises natin. At iyong CREATE ay iyong tax incentives na ibibigay natin sa lahat ng maapektuhan ng COVID: At ang laman po nito basically ay itutuloy iyong budget and procurement flexibility; iyong re-prioritization ng 2020 budget; iyong pag-resume ng priority Build, Build, Build or BBB program; iyong pag-support ng demand side through income and jobs support; iyong pag-support sa supply side, pagbibigay natin ng liquidity and equity infusion and guarantee through the financial sector at iyong mga targeted tax incentives.

At iyong third stage ay sisimulan natin sa 2021. Pero iyong pagplano ay nagsisimula na, ito iyong gumaling na iyong ating pasyente, iyong Pilipinas, at nasa bahay na siya at umiinom na siya ng vitamins. At iyong idea po natin dito ay to have a healthy and resilient Philippines: So ang mangyayari po dito, iyong 2021 and 2022 budget ay ire-reorient natin, so that iyong priorities ay nasa healthcare, sa food production and value chain, sa Build, Build, Build program, sa digital transformation and so on;

At mayroon pa rin po tayong structural reforms para tulungan at maging mas resilient ang ating bansa in case na bumalik po iyong virus or may iba pang mga krisis, at kasama po dito iyong balance regional development through the Balik Probinsiya, Bagong Pag-asa Program.

At naghanda po iyong NEDA, kami ay gumawa, together with the other Inter-Agency Task Force agencies ng isang report, iyong ‘Recover as One’ para i-address po iyong mga uncertainties brought about by the lack of information, the losses during the ECQ and how we should prepare for the new normal, hopefully a better normal.

At iyong laman po ng report basically ang sinasabi niya po, iyong new normal, siguro dapat ingrained na po sa ating regular lifestyle, iyong social distancing, kasi ito iyong pangunahing paraan para maiwasan iyong pag-spread ng virus.

Iyong pangalawa po, iyong strict hygiene and sanitation protocols, dahil nagsisimula po ang recovery ng ating bansa, iyong pagwala ng virus or pag-contain ng virus kung tayo ay susunod sa sanitation protocols tulad ng pagsuot ng facemask, paghugas ng kamay, paggamit ng alcohol at pag-iwas lumabas kung kayo ay may sakit or may karamdaman.

Iyong pangatlo po iyong sporadic lockdown is possible, kasi habang wala pang vaccine pabalik-balik po iyong effect ng virus. Hopefully hindi po siya malala tulad noong nangyari sa early part ng ECQ.

At iyong panghuli po, iyong looming COVID-19 threat will be foremost in the minds of individuals, kaya dahil dito, naghahanda po ang gobyerno at pati iyong private sector ng bagong work arrangements tulad ng work from home, iyong digital transformation and making sure our healthcare system is solid.

Ang mungkahi po namin sa recovery program is to proceed with a more inclusive sustainable and more balanced growth in the Philippines. Ito po ay layunin ng Balik Probinsiya, Bagong Pag-asa Program para ang taumbayan, iyong ating mga fellow citizens na nasa congested Metro Manila ay may pagkakataon na bumalik at makahanap ng ibang opportunity sa kanilang probinsiya.

Ang isa pong layunin din natin sa ating programa ay iyong pagbigay ng equal opportunities for all para, lalo na po iyong mga mahihirap at mga less fortunate ay may pagkakataon na umangat, dahil through our social programs, through universal healthcare, through our K to 12 program, through our various subsidy and Conditional Cash Transfer Program, para pagtapos po nila ng kanilang education ay makahanap po sila ng mas magandang trabaho.

At ang huli po, ang gusto ko pong sabihin, we are all not in the same boat, iba-iba po iyong pinanggalingan natin, iyong ating upbringing pero, we are in the same storm. Kaya ang suggestion po namin talaga, now more than ever is for us to really care for each other and work together. Ito ay isang problema na once in a century, wala pong nabubuhay ngayon na nakaranas ng isang global pandemic at iyong kailangan po magtulungan po tayong lahat within the government and as humanity or as Filipino people. So, iyan po ang aming pagbabahagi ngayon, maraming salamat po...

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Secretary Karl at talaga naman pong nagagalak ako sa inyong report dahil nagkaroon po kami ng pag-asa na dahil mayroon tayong plano kung paano tayo babangon ay babangon at babangon rin po tayo. We will rise and heal as one.

Now, sa open forum na tayo. Please specify kung kanino ang question ninyo, kung sa akin or kay Secretary Karl Chua. Joyce Balancio of DZMM, please?

JOYCE BALANCIO/DZMM: Yes, good afternoon po, Secretary, para sa inyo po iyong tanong. Follow up lang po doon sa StaySafe application. While nabanggit na po ninyo na nasa Resolution 45 iyong safeguards and iyong features nitong StaySafe app, but I think iyong kinukuwestiyon po ni former Usec. Rio was the time it was chosen by the IATF. Kasi sabi daw po niya, hindi daw po dumaan sa technical vetting ng IATF itong StaySafe application. He

actually presented a different proposal, iyong Oplan COVID-19 central platform that was supported by DICT, and mismong si Secretary Galvez. But, sabi nga po ni Usec. Rio allegedly, it was disregarded by IATF. So, totoo po bang hindi dumaan sa technical vetting itong StaySafe application at bakit ni-reject iyong proposal in Usec. Rio at that time? Ano po bang mayroon sa StaySafe na wala po doon sa kaniyang proposal?

SEC. ROQUE: Ang pagkakaintindi ko po ay ang gustong i-adopt ni Undersecretary Rio, iyong program na sinabi mo ay ide-develop pa po noong panahon na napili na po ang StaySafe.ph. Wala po tayong kamuwang-muwang na mangyayari itong COVID-19. Hindi po natin alam na kinakailangan natin ng isang tracing app. Pero noong pumutok po ito, IATF had to make a decision quickly and they decided that the only available technology then was StaySafe.ph. Totoo po may proposal siya pero ang problema sa proposal niya eh gagawin pa po, iyan po ang aking pagkakaintindi. In any case, kasama rin po siya doon sa proseso ng pagpili sa StaySafe.ph, dahil siya din po ay nag participate sa mga pagpupulong nang IATF ng mga panahon na iyon bilang Undersecretary ng DICT. So, iyon lang po.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Follow up lang po doon, kasi po nabanggit po niya na iyong panahon daw po na in-accept iyong resignation niya, it was after four months when he first file his resignation and he said it could be something related to his expressed objection or apprehension sa StaySafe application.

SEC. ROQUE: Naku, iyan po ay purely speculative, dahil wala naman pong nagpa-resign kay dating Usec. Rio pero siya ay nag-resign, hindi naman po niya binawi iyong resignation niya. So, it was really up to the President to accept or reject the application. It was accepted after four months, full stop po. Wala na pong ibang istorya doon.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Opo, on another topic po, Secretary. Nabanggit po ni NHA General Manager Escalada na suspended temporarily itong implementation ng Balik Probinsiya, Bagong Pag-asa, is it coming po sa utos ni Pangulong Duterte? Hanggang kailan po ito suspended at kung galing nga po kay Pangulong Duterte kailan po niya binigay itong instruction na ito?

SEC. ROQUE: Well, I will have to verify kung talagang suspended po iyan. I have no information dahil ang alam ko nasa pilot stage sila. So, perhaps the proper word is not suspended, perhaps they have finished with the pilot program and they will now evaluate kung paano siya mai-implement on a wider basis.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Last na lang po from me, Secretary. Nabanggit po ni CHED Chairman Prospero De Vera, they are studying the possibility of allowing face to face learning sa mga lugar na wala pong COVID cases and also si Secretary Briones mentioned this in our previous presscon na ipapaalam nila kay Pangulong Duterte kung pupuwedeng payagan ang face to face sa mga ‘no COVID’ areas. Ito po ba ay, iyong utos po ni Pangulong Duterte na no face to face until may vaccine, is it absolute or amenable po ba siya sa ganitong mga proposals at kung na-discuss na rin po ba ito sa IATF, Secretary?

SEC. ROQUE: Ang napag-agree-han po sa IATF was kung wala namang banta ang COVID eh, baka pupuwedeng mag-face to face; pero nagsalita na po ang Presidente, ayaw niya na ipagsapalaran ang kalusugan ng ating kabataan.

Pero I am sure the President is open to further discussion on the possibility of face to face pero uulitin ko po, habang may banta ang COVID sa isang lugar eh out of the question po iyan. We will see po what will happen in the next few months kasi Agosto pa naman po ang simula ng klase.

USec. Rocky?

JOYCE BALANCIO/DZMM: Thank you po.

SEC. ROQUE: Thank you.

USEC. IGNACIO: Okay. Good afternoon, Sec. Roque. From Rose Novenario of Hataw: May ilang overseas Filipino workers na hindi pa rin nakakauwi sa kani-kanilang probinsiya bunsod ng limitadong flights. May mga stranded na OFW na nagpalipas ng ulan sa ilalim ng Skyway sa Ninoy Aquino International Airport sa Pasay City. Pagod, puyat at gutom ang inabot ng ilang OFW dahil tatlong araw na daw po ang paghihintay ng biyahe. Saan po daw napunta ang budget para sa quarantine facilities para sa bumalik na OFWs? Ito po ba ang VIP treatment sa kanila ng administrasyong Duterte?

SEC. ROQUE: Rose, lilinawin ko lang: VIP treatment talaga ang mga OFW. Wala pong natulog sa ilalim ng tulay na OFW, lahat po ng ating OFW naka-hotel. Binabayaran po ng gobyerno, kaya nga po VIP iyan at libre rin ang pauwi sa kanila.

Iyong mga nasa ilalim ng tulay po, tama po ang sinabi ninyo, ito po iyong mga stranded na ating mga kababayan; pero ganoon pa man, nagkaroon na po ng polisiya ang ating National Task Force na pinamumunuan ni Sec. Galvez at ang ating DOTr. Tutulungan na rin po natin ang mga stranded dahil Pilipino pa rin sila ano.

At habang wala naman talagang provincial buses eh, napakahirap makauwi galing Metro Manila papuntang probinsiya. Gaya ng aking sinabi kanina, magsisimula po tayo doon sa pagti-test sa kanila using iyong rapid test kits diyan sa Villamor Golf Course at isasakay po sila pauwi ng DOTr at ng NTF.

Huwag po kayong mag-alala, hindi po tayo bulag sa paghihirap ng ating mga kababayan ay ayaw na ayaw po ni Presidente iyan kaya po aksyon kaagad.

USEC. IGNACIO: Question from Rosalie Coz ng UNTV: Si Kerwin Espinosa umano ay tuloy pa rin sa illegal drugs trade kahit nasa custody na po ng NBI ayon kay Lt. Col. Jovie Espenido. Ano daw po ang reaksiyon ng Palasyo dito?

SEC. ROQUE: Well, kinumpirma po namin kay Sec. Año na itong bagay na ito ay alam or inimbestigahan ng mga otoridad lalong-lalo na po ng DILG at saka ng PDEA pero hindi po natin

pupuwedeng maisapubliko kung anong mga hakbang ang ginagawa nila. It is confidential information pero hindi po bulag, hindi po bingi ang ating mga alagad ng batas.

Maricel Halili, TV5?

MARICEL HALILI/TV5: Hi, sir! Magandang hapon po.

SEC. ROQUE: Good afternoon!

MARICEL HALILI/TV5: Sir, last month naglabas ng studies ang University of the Philippines, iyon pong COVID-19 forecast in the Philippines and they mentioned last month na kapag nag-relax daw tayo ng community quarantine eh posibleng umabot ng 24,000 COVID cases mayroon ang Pilipinas by June 15. And it turns out that they are right kasi ngayon po, nasa 23,700 plus na cases tayo and 1,000 plus na deaths.

So, sir, at this point can we say that the government made the right decision to relax the community quarantine? And given this number, can we afford to continue na maging from GCQ gawing MGCQ iyong Metro Manila and do we have an estimate for example, with regards doon sa possible number of COVID cases once na itinuloy natin iyong pag-relax ng GCQ?

SEC. ROQUE: Well, alam ninyo po ang basehan kung mag-G-GCQ or MGCQ ay siyensya, datos. So, kung tama po ang pigura, datos ng UP, eh tama rin naman po ang datos ng gobyerno.

Bakit po?

Kasi talagang tinatanggap natin na pataas po iyang numero na iyan habang walang bakuna, habang walang gamot. Ang binabantayan lang po natin, iyong kakayahan nating magbigay ng medical assistance doon sa mga magkakasakit nang malala dahil kinakailangang i-balanse rin natin iyong ekonomiya natin; iyong pagkakaroon ng hanapbuhay ng lahat dahil kung hindi mamamatay sa COVID, baka naman mamatay dahil sa gutom na dahil walang hanapbuhay.

So, sa akin, tama naman po ang mga naging desisyon ng ating IATF. Nakita natin na nabuksan natin ang ekonomiya. Ang death rate po natin ay bagama't mayroon pang namamatay eh single digit po siya on a daily basis. At siguro po, isa na ring consolation dito sa COVID na ito is karamihan ng nagkakasakit ay either asymptomatic or mild at kakaunti lang talaga iyong nagiging critical na kondisyon at sapat po iyong ating kakayahan to provide critical care.

So, I would say tama po ang mga datos, tama po ang mga naging desisyon bagama't hindi ko po sasabihin kung anong naging desisyon para sa iba't-ibang lugar ng Pilipinas dahil ayaw ko pong pangunahan ang ating Presidente. At iyong mga mahilig mag-leak, papaalalahanan ko kayo, hayaan ninyo na ang Presidente mag-announce.

MARICEL HALILI/TV5: Sir, with regards po doon sa supposedly meeting ng IATF with President Duterte tomorrow, what happened po? Why did President—or is it the President who decided to postpone the meeting for tomorrow? Why is it moved on Monday? And kung sa Monday po siya mag-a-announce, do we have enough time for the preparation when it comes

doon po sa adjustment ng quarantine? Because I remember iyong mga previous announcement kailangan ahead para makapag-prepare po iyong mga law enforcers.

SEC. ROQUE: Sapat naman po. Kasi tingin ko, ang desisyon lang naman na hinihintay ng taumbayan anong mangyayari sa Metro Manila, anong mangyayari sa Cebu City. And the only options are either magiging MGCQ or magiging GCQ or babalik sa MECQ. Pero hindi po masyado… kumbaga bago o different iyong mga classification na pupuwedeng papuntahan ng Metro Manila at ng Cebu City.

So, I don't think it would be an issue na it could be one-day announcement; bagama't as we speak po, DILG is already in contact with the Local Government Units. So, alam na po nila kung anong possible classification nila and they are now given an opportunity to appeal para kapag nag-announce po si Presidente sa Lunes tapos na po iyong apela.

MARICEL HALILI/TV5: Sir, panghuli na lang po on other issue. With regards po doon sa decision ng BIR na i-require iyong registration ng mga online business, because some legislators are concern about the timing of the BIR's move to require iyong mga online sellers kasi kaya naman dumadami iyong online sellers is because of the problem doon sa kawalan ng trabaho. May we have your thoughts on this and do you have any directive po sa mga actions na ganito?

SEC. ROQUE: Well, ang pinagkukunan lang naman po natin nang ginagastos natin para sa COVID-19 ay iyong pondo na pumapasok primarily sa BIR at saka sa Customs. So, habang tumataas po iyong pangangailangan natin sa COVID-19, siyempre po hahanap at hahanap tayo ng pamamaraan para ma-increase iyong ating intake ng taxes.

Isa po ito sa mga pamamaraan and humihingi lang po ako ng pag-intindi sa ating publiko dahil kung wala naman tayong kaban sa ating bayan, wala tayong mga ayuda, wala tayong tulong na maibibigay habang naririto ang banta ng COVID-19.

USec. Rocky?

MARICEL HALILI/TV5: Thank you, sir.

SEC. ROQUE: Thank you, thank you.

USEC. IGNACIO: Secretary, from Kris Jose of Remate/Remate Online: Nakikiisa rin po ang CBCP sa mga panawagan kay Pangulong Duterte na i-veto ang controversial na Anti-Terrorism Bill. Para po sa CBCP, ang nasabing Bill ay naglalaman daw po ng probisyon na labag sa karapatan ng mga mamamayan. Ang sabi naman po ni Bishop Pabillo, may mga probisyon daw po sa Bill na masyadong malawak ang saklaw na posibleng magamit sa pang-aabuso, nakakatakot aniya raw po ito. Para naman po sa IBP, ang Anti-Terrorism Bill po ay posibleng paglabag sa Saligang Batas. Ano daw po ang reaksiyon o tugon ng Malacañang sa posisyon ng CBCP at ng IBP?

SEC. ROQUE: Wala pong reaksiyon, kasi wala pang desisyon. So, kung napirmahan na po iyan ng Presidente at saka po tayo magbibigay ng reaksiyon. Pero nagpapasalamat po kami sa

Simbahang Katolika sa kanilang mga reminders. Ang katotohanan po, kapag naman iyan ay naisabatas ay pupuwede rin po silang magdemanda dahil gumagana naman po ang ating mga hukuman. Kung mayroon talagang probisyon na labag sa Saligang Batas iyan, madedeklara naman po iyan na unconstitutional.

Uulitin ko po, hindi po iyan imposibleng mangyari. Ako po iyong kauna-unahang nakakuha ng desisyon sa kaso ng David vs Arroyo, na iyong isang declaration na ginawa ni dating Presidente GMA ay labag sa Saligang Batas dahil walang depenisyon ang terorismo noong mga panahong iyon.

Ang pagkakaiba nga lamang po noon at ngayon ay nagkaroon na po ng depenisyon ang terorismo hindi lang po sa Pilipinas kung hindi sa UN system. So, napakahirap po sigurong manalo muli gaya noong nangyari sa amin noong kaso ng David vs Arroyo.

USEC. IGNACIO: Secretary, from Bella Cariaso of Bandera. Despite daw po sa waring ni Pangulong Duterte na bawal tanggihan ang mga pasyente, practice pa rin ito particularly daw sa Quezon City. Iyong Tita ko tinanggihan daw po ng apat na ospital, ang dahilan nila wala ng bakanteng kuwarto at ICU. Ilang oras bago siya finally nakahanap ng ospital after limang attempts. To think emergency ang kaso niya after ma-stroke and according to the hospital na finally nag-admit sa kaniya, she is a suspected COVID patient. Ano ba talaga po ang policy ng government dito? Hindi ba daw contradicting sa claim ng government na we have enough rooms for COVID cases and for the record, ano daw pong ospital ba ang dapat puntahan ng mga Quezon City residents para hindi daw po sayang ang oras?

SEC. ROQUE: Hindi lang po polisiya iyan, batas po iyan – bawal tanggihan ng mga hospital ang mga pasyente dahil walang deposito. At mayroon pong presumption na kapag hindi sila tinanggap ang dahilan ay dahil walang pambayad ng deposito.

Bella, magkasama naman tayo dito sa Malacañang, idemanda mo, ipakulong po natin iyong mga administrators at mga nagpapatakbo ng mga ospital na iyan nang magsilbing halimbawa. Ipapa-broadcast pa po natin habang sila ay pinoposasan nang magsilbing halimbawa sa ibang hospital. Hindi po dapat tatanggihan dahil wala lang pangdeposito. Pangako ko po iyan, dito pa sa Malacañang natin poposasan kung kinakailangan.

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: Hi sir, good afternoon. Sir, ano po iyong konsiderasyon ng IATF to allow the limited dine-in operations of restaurants in areas under GCQ, indikasyon po ba ito sir na the IATF is seeing an improvement in the situation in NCR and other areas under GCQ at handa na nilang ilagay, at least, ang Metro Manila under MGCQ or is this decision purely economic po?

SEC. ROQUE: Well balanse po iyan, talaga naman pong economic iyan, dahil hindi bababa sa—kung hindi ako nagkakamali, 11,000 employees in Metro Manila alone ang nagtatrabaho sa mga restaurants. Eh mayroon pa po iyang supply chain na nakakaapekto iyong mga supplier ng pagkain at iyong iba't iba pang mga bagay.

Mayroon din pong very strict health standards na diniscuss na po natin dito sa Malacañang press briefing kung anong dapat gawin ng mga restaurants para naman ma-manage iyong danger ng pagkalat ng sakit. So habang sinusunod po iyang protocols na iyan, tingin natin eh bigyan naman natin ng hanapbuhay iyong mga restaurants at iyong mga nagtatrabaho sa mga restaurants.

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: Sir, follow up lang po doon sa question on the BIR order to tax online sellers dahil sabi ninyo nga po pondo ang problema ng gobyerno. May sinabi po si Senator Risa Hontiveros na imbes na online sellers, bakit hindi na lang singilin muna iyong mga POGO na 50 billion pesos in unpaid taxes.

SEC. ROQUE: Sinisingil po natin Senator Hontiveros, hindi po natin sila pinalulusot. Hindi po sila pupuwedeng magbukas nang hindi nagbabayad ng kanilang mga buwis. Trust me po, lahat po pinagkukunan natin para mabigay natin ang pangangailangan ng mga biktima ng COVID-19.

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: Last na lang sir, doon sa schedule po ni President Duterte. You said that he will be coming back to Manila earlier. Ano po iyong reason for this and does this mean that he will attend the Independence Day celebration in Luneta tomorrow, sir?

SEC. ROQUE: Well, dahil sampu lang naman po iyong taong pinayagan ng IATF, ang problema po talaga, kapag nandiyan ang Presidente, dadami po ang tao na nais lumapit sa kaniya. Hindi po maiiwasan iyan, kahit saan po tayo mag-celebrate, sa Luneta o sa Davao, iyan po ang problema.

So ang mangyayari po, tinalaga po niya si Executive Secretary para maging representante sa paglalagay ng wreath at flag raising sa Luneta, at matapos po ng seremonya, ipi-play po iyong address ng Pangulo natin, iyong June 12 Independence Day address ng ating Pangulo. So kabahagi po iyong kaniyang talumpati/mensahe sa programa sa Luneta.

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: So sa Malacañang lang po siya tomorrow, sir?

SEC. ROQUE: Hindi po, nasa Davao pa po pero mas maaga po ang uwi niya sa Maynila. Thank you.

USEC. IGNACIO: Mula kay Angel Ronquillo ng DZXL-RMN: Palace reaction po on the statement of National Union of Peoples Lawyers stating that it is legal to join a peaceful protest during quarantine because there is no law prohibiting rallies even during the COVID pandemic, citing Republic Act No. 11469 Bayanihan Act and RA 11332, Mandatory Reporting of Notifiable Diseases do not prohibit rallies. They do not have provisions allowing arrest simply on alleged violation of mass gathering or quarantine rules.

SEC. ROQUE: Simple lang po ang sagot ko: Mali po sila. Mayroon pong mga ordinansa na nagsasabi na nagpapataw ng parusa para doon sa hindi nag-o-observe ng social distancing. So hindi lang naman po batas iyan, mayroon din pong mga ordinansa. In fact, pati po iyong curfew, ordinansa po iyan at equally binding and enforceable by the police ang ordinances. Mali po kayo...

USEC. IGNACIO: From Arianne Merez ng ABS-CBN News Online for NEDA, kay Secretary Chua: How much of the economy was revived by the transition to GCQ and MGCQ last June 1st?

SEC. CHUA: Iyong tanong po ba, how much of the economy has been revived under GCQ, iyan po ba iyong tanong? Medyo hindi malinaw kasi, tama po ba?

SEC. ROQUE: Yes po, iyan po ang tanong.

SEC. CHUA: Okay. Well iyong under GCQ, around 75% po iyong ating ekonomiya, iyong iba't ibang sector ng ating ekonomiya ay pinayagan na magbukas whether it is a 100% operation in the essential sectors like food or iyong ating logistics, to as high as 100% in manufacturing so long as they can adhere to the minimum health standards. Tapos iyong sa services sector, ang suggestion ay 50% on-site or nasa office at 50% work-from-home. In fact, up to 40% po ng mga service sector industries or firms ay mayroon nang work-from-home arrangement.

So on average, at this point in time, mga 75% of the economy na po iyong bukas for business. Iyong natitirang 25%, ito po iyong mga leisure activities - iyong tourism, iyong mga non-essentials na hindi pa puwedeng mag-open under GCQ. So bumabalik na po towards normalcy ang ating ekonomiya.

USEC. IGNACIO: Opo. Question pa rin ni Arianne for Secretary Chua: How is the second quarter GDP looking? How will it in compare to the first quarter?

SEC. CHUA: Well, iyong ECQ po natin, majority po ay nasa second quarter, iyong April and May of course will look really bad because the ECQ basically shutdown 75% of the economy tapos iyong mga puwede lang lumabas at magtrabaho, iyong sa mga pinaka-essential sectors like food or health. Kaya ang ating GDP projection for second quarter will be worse than the first quarter. Pero ang maganda po dito, simula June kasi marami na pong areas ng Pilipinas ay nasa GCQ or Modified GCQ and on track na to be lifted na po iyong quarantine. So ang maganda po, iyong ating prospects ay mas lumilinaw na po as we enter the third quarter.

USEC. IGNACIO: Opo. Ang last question ni Arianne: Fed Chief Powell said today it will be a long recovery for the US. What will the trajectory for the Philippines be like?

SEC. CHUA: Una po, iyong ating recovery is very uncertain pero puwede po nating gawin nang mas klaro iyong direction kung, number one, the government will pro-actively implement the recovery program. At nagsimula na po iyan, iyong tinulungan po natin iyong 18 million poor families to get a social amelioration at iyong 3.4 million small business employees to get their wage subsidy, so una po, iyong pro-activeness ng government to support the recovery of the country.

Pero iyong mas importante, iyong pangalawa, is the cooperation of the entire nation, of each Filipino in ensuring that they practice the minimum health standards like wearing of mask, washing of hands, staying at home unless for essential activities. Kasi tulungan po talaga iyong ating recovery, hindi pupuwedeng iyong government lang or iyong taumbayan lang.

So, if we cooperate and do our policies more pro-actively then iyong ating recovery will be more clear at hindi kailangan magtagal. Pero kung hindi po tayo magtutulungan, kung lumalabas po for non-essential activities, the virus will spread again – so, iyan po iyong dapat nating gawin – tulungan po tayo.

SEC. ROQUE: Thank you Secretary.

Joseph Morong, yes Joseph Morong...

JOSEPH MORONG/GMA7: Hi, sir. I like to focus on the GCQ first 'no. Sir from MECQ to GCQ, we noted or we locked-up a—we had a piped-up [AUDIO CUT]. Do you think that it will be wiser if we stay in GCQ in Metro Manila?

SEC. ROQUE: Well, ayaw kong pangunahan ang ating Presidente, pero ang datos po hindi nagsisinungaling. So kung anuman po ang mga desisyon na iaanunsiyo ng Presidente for Metro Manila and Cebu City in particular, iyan po ay nakabase po sa siyensya, hinihingi po natin ang inyong pag-intindi at pag-unawa.

JOSEPH MORONG/GMA7: And of course this data that we have 500 cases a day is not helping… the decision to relax, right?

SEC. ROQUE: Well, I would say you are correct in your observation that it does not inspire relaxation. But the announcement as I said is subject to appeal and will be announced by the President.

JOSEPH MORONG/GMA7: Sir, can I go to Michelle Silvertino case. Sir, post mortem. In a post mortem kind of way, anong nangyari kay Michelle; what led to this kind of tragic incident na iyong isang tao na gustong umuwi sa kanilang probinsya ay namatay kahihintay?

SEC. ROQUE: Unang-una po, talagang nagulat po kami na nangyari ito. At noong naimbestigahan po namin iyan eh—pinuna pa siya ng mga Barangay officials pala ng Pasay at sinabi nga na hindi siya nanlilimos, stranded lang siya. So at that point if we could move back time, kung mababalik natin ang panahon, dapat naman siguro iyong mga barangay officials na nalaman na stranded siya at nakatira doon sa bangketa eh mayroon nang ginawa, pinagbigay-alam sa City Hall o di naman kaya sa DSWD o kaya dito sa Malacañang, dahil hindi naman tayo papaya na talagang mamamatay na lang sa kalye iyong mga hindi makauwi. So, napakalungkot po.

Kaya nga po ngayon, ang DSWD ngayon ay nagkakalat na ng mga tao at ang NTF ng mga tao diyan sa area na nakapaligid sa mga istasyon ng bus, at sa airport naghahanap ngayon ng mga stranded ng maiwasan na po itong trahedyang ito. Nakakalungkot po talaga.

JOSEPH MORONG/GMA7: Sir, moving forward, in talk to those similarly situated kay Michelle 'no and we've came across dito sa mga messages namin. Ano iyong kailangan nilang gawin? I understand may mga panaka-nakang mga sweeper flights iyong government so how did

they get on these sweeper flights o iyong mga biyahe na binibigay ng gobyerno? Sir, walk us through sa process, kung halimbawa stranded individual ka, what are you supposed to do?

SEC. ROQUE: Well, unang-una makipag-ugnayan po kayo sa pinakamalapit na opisina ng DSWD para naman hindi kayo magutom, dahil kahit papano mabibigyan kayo ng ayuda, pang-araw-araw na pagkain pa lamang, kung hindi iyong lugar na matitirhan.

So, dahil nga po dito kay Michelle ay nakipag-ugnayan na ang NTF at ang DOTr na gamitin na iyong Villamor Air Base bilang temporary shelter para sa mga stranded na mga individual.

So, bagama't nakakalungkot po iyong pangyayari, at least namulat ang ating mga mata na dapat bigyan ng atensiyon iyong mga stranded na ating mga kababayan habang wala pa talagang provincial buses na pinapayagang umalis galing sa Maynila.

JOSEPH MORONG/GMA7: Would you have the data on how many of how many LSIs are in Metro Manila?

SEC. ROQUE: We are now in the process of gathering the data, because Michelle maybe—nakakalungkot na nangyari nga ito, pero because of Michelle we are moving to avoid po, para maiwasan iyong pag-ulit nitong malungkot na istoryang ito. Thank you, Joseph. Usec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Iyong tanong ni Francis ng Daily Tribune. Dalawa ang tanong niya, natanong na po ni Joyce Balancio at saka ni Maricel Halili.

Ito na lang po from Buena Bernal ng Channel News Asia: Political observers argue that there is deep distrust in law enforcers such as police due to their track record in the drug war among others, which is why the Anti-Terror Bill although patterned after anti-terror legislations of Western countries like Australia and France is not well received in the Philippines. Do you think there is deep distrust in government especially law enforcers or are we hearing a vocal minority opposed to the legislative proposal, Secretary?

SEC. ROQUE: Well, I am not in a position to comment, kasi hindi ko naman po nakikita ang kahit anong survey 'no na nagpapakita kung nagtitiwala o hindi pinagkakatiwalaan ang kapulisan. Pero ang alam ko po sa mga nakaraan na mga taon, hindi po masama ang trust rating ng ating PNP. Mataas nga po ang trust rating nila.

So, parang tama po kayo, alam naman po ninyo mayroon tayong maliit na oposisyon sa bansang ito, lahat ng isyu sinasakyan dahil umaasa pa rin sila na mapatalsik ang ating Presidente, hindi naman po sila magsa-succeed.

USEC. IGNACIO: Ang second question niya: Various bodies including the UNHRC and CHR have been informed of acts of red tagging by government agencies including post by regional police accounts and list by NTF LCAC. Is there a policy of red tagging under the current administration?

SEC. ROQUE: Wala po. In fact, sa panukalang batas, mayroong proseso po iyan bago kayo ma-tag as a terrorist group, dadaan at daan po iyan sa hukuman. And I have emphasized that because of a memorandum issued by the President, habang may pandemya, tanging tanggapan po natin ang puwedeng magsalita sa gobyerno sa Ehekutibo, kasama po ang Department of Health.

USEC. IGNACIO: From Randy Caniego of DABIGC News Nationwide: May nag-report po sa amin na may positive sa COVID dito sa Digos City. As a reporter, nahihirapan ako na ipaalam kasi po nagbanta ang nag-positive na babalikan daw po ang magsumbong. Pamangkin ng pulitiko ang nag-positive. Ano ba ang dapat gawin kasi baka daw po ipaalam na sa otoridad ay i-charge ang nagsumbong ng violation sa Act as One Law.

SEC. ROQUE: Well, may obligasyon ka bilang isang tao na nakakaalam na may COVID ang isang tao na i-report po iyan sa DOH. Hindi naman po ipa-publish ang pangalan noong may sakit na COVID pero may obligasyon po kayo sa batas sa quarantine law na ipagbigay-alam sa DOH itong kasong ito.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Good afternoon, Secretary. Sir, clarify ko lang po iyong doon sa pagdadala ng ating stranded individuals doon po sa Villamor Golf Course. Paano po ba iyong magiging strategy or mechanism dito, sir? Kasi po, kung maalala po natin, doon naman po sa Villamor Golf Course wala pong mga rooms where stranded individuals or stranded people can stay po. Paano po iyong magiging sistema po dito?

SEC. ROQUE: Well, hindi ko pa po alam, dahil ito po ay i-implement lang today. Pero I understand the policy is to provide temporary shelter, if not in Villamor Air Base then elsewhere. Siguro naman po dahil may temporary shelter ay gagawan po nila ng paraan na magkakaroon ng panandaliang tirahan iyong mga stranded.

Pero uulitin ko lang po: Iba iyong mga stranded sa mga OFWs; ang mga OFWs po naka-hotel lahat.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Sir, doon naman po sa BIR requiring online sellers. Follow up lang din po sa kanila. Because there are some online sellers and some groups are requesting kung puwede raw po—or suggesting kung puwede raw po bang may income bracket iyong requirement na iyon and mag-provide daw sana ng malinaw na saklaw. Is the government still keen on kumbaga relaxing this rule or requirement for our online sellers? Kasi po iyong iba, small players lang naman daw po.

SEC. ROQUE: Eh talaga naman pong mayroon talaga tayong exemption na tinatawag under the Tax Reform Act. So, if I am not mistaken—Secretary Karl Chua, ano nga ba iyong minimum amount bago magbayad ng buwis under the TRAIN Law? Is it parang 350,000, am I wrong, a year?

SEC. CHUA: P250,000 po.

SEC. ROQUE: P250,000. Okay iyong mga kumikita ng P250,000—

SEC. CHUA: P250,000 and above the taxable income ay subject to tax, pero below P250,000 exempt po iyan.

SEC. ROQUE: Okay, so iyon po ang sagot. If your online business net income does not exceed P250,000 eh wala naman talaga kayo ibabayad; so magrehistro na po.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Finally, sir iyong walang katapusan kong question about sa second tranche ng Social Amelioration Program. Sir, may balitang po ba… cause matatapos na po iyong GCQ natin on June 15, may possibility po ba that were gonna see this rolling out anytime soon, ito pong second tranche?

SEC. ROQUE: Ang pangako po sa akin at impormasyon na ibinigay mismo ni Secretary Bautista, by next week they can distribute electronically. Thank you. Trish and Usec. Rocky, please.

USEC. IGNACIO: For Secretary Karl. From Raul Dancel the Straight Times.
Are companies coping well with work from home arrangements? I understand working from home, is now the new normal. But is this a normal that companies can live with for the long haul or is it your opinion that full recovery will really entail having a majority of workers onsite?

SEC. CHUA: Well, iyong sa work from home depende po iyan sa sector, mayroon kasing mga sectors na hindi pupuwede mag-work from home especially if you are in the retail for food or in supermarkets for instance or in manufacturing or in agriculture. Pero malaki ng porsiyento ng ating ekonomiya ay services sector, ibig sabihin, you can actually work from home and deliver the services online.

So, it really depends po. Pero ang nakikita po namin sa surveys, up to 40% po ng mga firms are already moving towards a work from home arrangement.

USEC. IGNACIO: Opo. Ang second question niya: Do you have figures daw po on how much impact working-from-home has had on labor productivity?

SEC. CHUA: Well, wala po tayong figure for now kasi nagsisimula pa lamang ito. Pero mayroon na po tayong experience kasi even before ECQ where certain sectors have been providing services from home, lalo na po iyong nasa mga knowledge services, so mayroon po tayong experience. But as to how much exactly that will affect the productivity, we will find out once we see the next GDP numbers.

USEC. IGNACIO: For Secretary Roque, from Pia Rañada on Anti-Terror Bill: Does Malacañang see any danger in Bill's provisions allowing the Anti-Terror Council to order the arrest of suspected terrorists without a court order? What safeguards are there to ensure the Council does not abuse this power?

SEC. ROQUE: Well, mayroon po tayong tinatawag na 14-day pre-trial detention in the law 'no, in a proposed law. Sa akin po, hinabaan iyong period of time by which authorities can detain suspected terrorists without charging them in court.

The safeguard is, number one, they have to inform the closest or the nearest judge about the fact that they have apprehended a suspected terrorist; and number two, they still have to comply that within 14 days, kinakailangang sampahan ng kaso; and number three, kung malisyoso ang pag-aresto, mayroon pong kaukulang pagkakakulong na hanggang sampung taon ang pupuwedeng mapataw doon sa alagad.

USEC. IGNACIO: From Samuel Medenilla/Business Mirror, for Secretary Roque: Kailan po daw—

SEC. ROQUE: Melo? Iniwan na yata tayo ng KBP, Melo. Iiwan na rin tayo ng PTV 4.

USEC. IGNACIO: Sir, hindi, nandito pa kami. Nandito pa kami, Sec—

SEC. ROQUE: Wala, okay. Bago si Melo, Usec. Rocky?

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary, tanong from Sam Medenilla: Kailan daw po magsisimula mag-hire ng contact-tracers ang government; Ilan daw po ang initially iha-hire ng government?

SEC. ROQUE: Okay, nakausap ko diyan si Secretary Año dahil sila ang mag-i-implement ng tracing, July po ang target nila na mag-hire. Initially, they will hire 50,000 tracers.

MELO ACUÑA: Yes, good afternoon, Secretary. Para po kay Secretary Karl Chua: Sapagka't maraming panukalang batas para mabuhay ang ekonomiya, maaaksiyunan po ba ito ng House of Representatives at ng Senado? Do we have the luxury of time?

And then number two, isa pang bagay, may mga utang po tayo sa World Bank at sa ADB. Mayroon po ba tayong sapat o malakas na ekonomiya para mabayaran ang pagkakautang na ito? Salamat po...

SEC. ROQUE: Secretary Chua, did you hear the question?

SEC. CHUA: Can you repeat po because the signal is not in our favor.

SEC. ROQUE: The question, I think, has to do with the recovery package pending in Congress. Do we have the luxury of time to pass that stimulus package? And number two is—anong second question mo, Melo?

Iyong ADB at saka World Bank loans, magkano na ang ating nautang for COVID-19?

SEC. CHUA: Iyong sa loans po, we have to ask the DOF for the latest numbers. But iyong sa recovery program natin, both Houses actually, before they adjourn, have already passed up to the third reading some of the bills. And the Executive has provided some comments on how to improve it. So, the moment na we have a further discussion and agreement then it would be beneficial, so that we can proceed with getting them approved at the soonest possible time. So iyon po iyong status ng ating recovery program, but they are in very advance stages already.

SEC. ROQUE: Actually, sa schedule namin, para alam ng taumbayan, ang susunod po nating iimbitahin si Secretary Dominguez para nga magkaroon ng malawakan at malalim na diskusyon pagdating dito sa tinatawag na stimulus bill.

Mayroon pa ba tayong tanong, Melo, go ahead, next question?

MELO ACUÑA: Opo, Secretary. Can you now hear me?

SEC. ROQUE: Yes, go ahead. Your next question, please.

MELO ACUÑA: All right. Good afternoon. Sa dinami-dami ng utang natin sa World Bank at sa ADB, do we have the economic strength na mabayaran ang mga ito? Salamat po...

SEC. ROQUE: Sec. Chua, do we have the means to pay our loans?

SEC. CHUA: Well, number one, we have a very good credit rating that is a BBB+ despite our deficit, increasing almost three times. Kasi iyong ating deficit to GDP for this year is programmed at 3.2%. We are okay with providing stimulus up to 9%, and that was announced already to the public and to the international community.

And despite tripling, almost tripling of the deficit, our credit rating is still very good at BBB+, one notch below the A rating. And our debt-to-GDP ratio, we have brought down from as high as 80% in 2003 to just 39% as of December 2019. And therefore, we have a very good fiscal position. And we have been very prudent in showing the international community that we can also provide the funds to support our economic recovery. We did tax reform – three packages passed already – and that is what is fueling confidence that we can actually repay our loans.

And the second reason why that is going to happen is we have been using our borrowings for productive activities whose returns are actually much higher than the interest rate that we are paying. So the answer to that is yes, we have a strong fiscal position to meet our obligations and still recover from this crisis.

SEC. ROQUE: Yes. Unfortunately, our time is up 'no, pati po PTV 4 ay bibitaw na sa atin, so we're out of time.

I'd like to thank, of course, Sec. Karl Chua. Thank you very much. We hope to have you again. And if I may say so, artistahin pala po kayo sa TV.

At siyempre po, maraming salamat din sa men and women of the Malacañang Press Corps, maraming salamat, Usec. Rocky. At sa ngalan po ng ating Presidente, President Rodrigo Roa Duterte, ito po ang inyong Spox Harry Roque nagsasabing, ingat po tayong lahat. Good afternoon.

##

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)